


# Polyeto ng Survey sa Paglahok ng Magulang Espesyal na Edukasyon Taon ng Paaralan 2022 - 2023



Pinahahalagahan ng Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Departamento) ang iyong pakikilahok sa mga pulong ng Programang Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) at iba pang aktibidad/kaganapan ng paaralan na may kaugnayan sa edukasyon ng iyong anak at gusto nitong marinig ang tungkol sa iyong karanasan sa mga pagsisikap ng iyong paaralan na makipagtulungan sa iyo.

Upang matugunan ang mga kahingian ng Batas na Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan ng 2004 (Individuals with Disabilities Education Improvement Act of 2004, IDEA), kailangang iulat taon-taon ng Opisina ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon (Office of Special Education Programs, OSEP) ang porsyento ng mga magulang na may anak na tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na nagsasabing pinadali ng mga paaralan ang paglahok ng magulang bilang paraan ng pagpapahusay sa mga serbisyo at resulta para sa mga batang may kapansanan na nakatala sa mga pampublikong paaralan ng Hawaii sa pagbibigay ng naaangkop na pampublikong edukasyon (20 U.S.C. 1416(a)(3)(A)).

Tulad ng iba pang estado, kinokolekta ng Departamento ang datos na ito sa pamamagitan ng malawakang survey. Ginagamit ng Departamento ang Sukatan ng mga Pagsisikap ng mga Paaralan na Makipagtulungan sa mga Magulang (Schools' Efforts to Partner with Parents Scale, SEPPS) na binubuo ng 25 item na sukatan ng antas at binuo at bineripika ng Pambansang Sentro para sa Espesyal na Edukasyon at Pagsubaybay ng Pananagutan (National Center for Special Education and Accountability Monitoring, NCSEAM). Ang datos sa buong estado ay iniuulat sa Plano ng Pagganap ng Estado ng Hawaii/Taunang Ulat sa Pagganap, Tagapagpahiwatig 8.

*Ang iyong pakikilahok sa Survey sa Pakikilahok ng Magulang ay makakatulong sa Departamento na mapabuti ang pakikilahok ng magulang sa proseso ng espesyal na edukasyon at mapapabuti ang mga positibong resulta para sa ating mga mag-aaral na may mga kapansanan at ng kanilang pamilya.*

## Ang Survey sa Paglahok ng Magulang ay:

- Maramihang pagpipilian at tumatagal ng mas mababa sa sampung (10) minuto upang makumpleto.
- Nangongolekta ng mga tugon na iniuulat nang hindi nagpapakilala at hindi maaaring personal na maiugnay sa iyo o sa iyong anak.
- Magagamit online o mula sa pampublikong paaralan ng iyong anak sa isang kopyang papel na isusumite gamit ang ibinigay na sobrang bayad na ang selyo.
- Tinitiyak ang pagiging may nilalayan sa pamamagitan ng paghahambing, pagsasama-sama, at pagsusuri nang hiwalay sa labas ng Departamento ng kasalukuyang kontratista, *Piedra Data Services LLC*.
- Nagbibigay sa iyo ng pagkakataong kumpletuhin ang isang (1) survey sa bawat bata na tumatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.
- Inaalok ng pampublikong paaralan ng iyong anak pagkatapos ng pauna o taunang pulong ng IEP.
- Maaaring makumpleto mula Hulyo 1, 2022 - Hunyo 30, 2023.

## MGA TAGUBILIN SA SURVEY

*Kung wala kang access sa isang kagamitan, tanungin ang paaralan ng iyong anak kung magagamit ang isang kagamitan sa kampus.*

Sa isang kompyuter, smart phone, o tablet, magbukas ng Internet browser, at pumunta sa: <https://www.hiparentsurvey.com/> at kumpletuhin ang survey.

Kung mayroon kang pambasa ng Mabilisang Pagtugon (Quick Response, QR) sa iyong kagamitan, maa-access mo ang survey gamit ang QR code na ito.



Kung gusto mong kumpletuhin ang survey sa pamamagitan ng isang kopyang papel, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak.

Ang polyeto na ito ay matatagpuan din sa website ng HIDOE sa ilalim **Survey sa Pakikilahok ng Magulang:**

[https://www.hawaiipublicschools.org/TeachingAndLearning/SpecializedPrograms/SpecialEducation/Page s/Family-Involvement.aspx](https://www.hawaiipublicschools.org/TeachingAndLearning/SpecializedPrograms/SpecialEducation/Page%2Fs/Family-Involvement.aspx)

## Mga Tanong at mga Sagot

### ***Bakit lumahok sa Survey sa Pakikilahok ng Magulang?***

Isa kang mahalagang miyembro ng pangkat ng IEP. Sa pagkumpleto sa survey, maaari mong masabi sa amin kung paano nakikipagtulungan sa iyo ang paaralan ng iyong anak.

### ***Paano ginagamit ng Departamento ang datos mula sa survey?***

Ang mga resulta sa survey na ito ay tutulong sa amin na magplano ng mga pagpapabuti sa aming sistema sa espesyal na edukasyon at mapagyaman ang pagtutulungan ng paaralan at magulang upang mapataas ang mga resulta para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan.

### ***Mapapanatili bang kumpidensyal ang mga tugon ko?***

Oo. Ang mga indibidwal na tugon ay iniuulat nang walang pagkakakilanlan at hindi konektado sa iyo o sa iyong anak.

### ***Kailangan ko bang gawin ang survey?***

Hindi. Ang paglahok ay boluntaryo. Pinahahalagahan namin ang iyong oras sa pagkumpleto sa survey dahil ang impormasyong nakakalap ay nagbibigay ng komento para mapahusay ng HIDOE ang pakikilahok ng magulang.

### ***Kailangan ko bang sagutin ang lahat ng tanong sa survey?***

Hindi. Pakisubukang sagutin ang lahat ng tanong na naaangkop sa iyo at sa iyong anak. Kung hindi naaangkop ang tanong, pakilaktawan at magpatuloy sa susunod na tanong.

### ***Maaari ko bang kunin ang parehong online at papel na survey?***

Hindi. Upang matiyak ang tumpak na datos, mangyaring pumili ng isang (1) paraan, online o papel.

### ***Kailan ibinibigay ang survey?***

Ang pagkakataong lumahok ay iniaalok sa iyo bawat taon, pagkatapos ng pauna o taunang pulong ng IEP ng iyong anak.

### ***Mayroon akong survey sa papel at mas higit sa isang anak na tumatanggap ng espesyal na edukasyon, dapat ba akong gumawa ng kopya?***

Hindi. Mangyaring humingi sa paaralan ng iyong anak ng isa pang kopyang papel ng survey para sa isa pang anak mo. Ang mga survey ay indibidwal na naka-code para sa mga layunin ng datos, ngunit hindi nakaugnay sa isang partikular na mag-aaral.

### ***Ano ang gagawin ko kung kailangan ko ang Survey sa Pakikilahok ng Magulang sa ibang wika o paraan?***

Ang Survey sa Pakikilahok ng Magulang ay isinalin sa 15 iba't ibang wika. Mangyaring pumunta sa <https://www.hiparentsurvey.com/hawaii/translations.php> upang ma-access ang naaangkop na wika at gamitin habang kinukumpleto ang Ingles na bersyon. Para sa Braille na bersyon ng survey, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan.

### ***Sino ang kokontakin ko kaugnay ng mga tanong sa kung paano kumpletuhin ang survey?***

Makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagsubaybay at Pagsunod sa [macb@k12.hi.us](mailto:macb@k12.hi.us) o sa (808) 307-3600.



Monitoring and Compliance Branch  
P.O. Box 2360  
Honolulu, HI 96804  
(808) 307-3600